PANGALAGAAN ANG INYONG MGA KAPAKANAN AT HUMARAP BILANG TESTIGO NG TAGA-USIG

Isang Patnubay ukol sa mga Pang-sibil at Pang-kriminal na Mga Hakbang na May Kaugnayan sa Kautusan ng Pamamasukan

Tagalog Version

勞工處
Labour Department

Pauna

Ang patnubay na ito ay naglalahad ng mga simpleng pananalita para sa pagsangguni ng mga namamasukan ukol sa pagkakaiba ng katangian at ng mga pamamaraan ng pang-sibil na paghahabol at ng kriminal na pag-uusig tungkol sa mga probisyon na nasa ilalim ng Kautusan ng Pamamasukan (EO). Sa tulong ng patnubay na ito, umaasa kami na mas maraming mga namamasukan ang mabibigyan ng lakas ng loob na magbigay ng pahayag tungkol sa mga paglabag sa EO at humarap bilang mga testigo ng taga-usig nang sa gayon ay makapagharap ng sakdal laban sa mga amo na lumalabag sa EO.

Mga Karapatan at Benepisyo ng mga Namamasukan sa ilalim ng Kautusan ng Paggawa

Ang EO (tsapter 57 ng Mga Batas ng Hong Kong) ay mayroong partikular na mga probisyon ukol sa hanay ng mga benepisyo at mga kondisyon ng pamamasukan, gaya ng pangangalaga sa sahod, mga araw ng pahinga, mga araw ng bakasyon na may bayad, may bayad na taunang bakasyon, panggastos sa pagkakasakit, pangangalaga sa mga nanganganak, bayad sa pagtanggal sa trabaho, bayad sa mahabang panahon na paglilingkod, at pangangalaga sa mga namamasukan. Ang sinomang amo na lumabag sa mga probisyon ng EO ay maaaring sampahan ng pang-sibil na paghahabol ng namamasukan sa kanya at ng kriminal na pag-uusig ng Kagawaran ng Paggawa.

Ang Di Pagtupad ng Pagbayad ng Sahod ay isang Mabigat na Pagkakasala

Ang Kagawaran ng Paggawa ay binibigyan ng mahalagang pananaw ang tungkol sa mga naantala at kulang na pagbabayad ng sahod ng mga amo. Ayon sa itinadhana ng EO, ang isang amo ay dapat na magbayad ng sahod sa namamasukan sa kanya ng hindi hihigit sa pitong araw pagkaraan ng huling araw ng panahon ng pagsasahod o sa araw ng pagtatapos ng pamamasukan. Kapag ang amo ay nabigong gawin ito, siya ay kinakailangang magbayad ng tubo sa nalalabing halaga ng sahod na hindi pa nababayaran sa namamasukan. Kapag ang amo ay hindi nagbayad ng sahod sa namamasukan sa kanya sa loob ng pitong araw pagkaraan ng huling araw ng pagsahod o ng araw ng pagtatapos ng pamamasukan, ang namamasukan ay dapat maagap na magsampa ng paghahabol sa sangay na opisina ng Dibisyon ng Relasyon ng Paggawa na pinakamalapit sa lugar na pinaglilingkuran niya.

Ayon sa EO, ang isang amo na sinadya at walang makatuwirang dahilan na

nabigong magbayad ng sahod sa tamang oras, o nabigong magbigay ng tubo sa nalalabing halaga ng hindi pa nababayaran na sahod, ay maaaring isakdal. Sa mga pagkakasalang ukol sa sahod, ang amo ay maaaring isasailalim sa pinakamataas na multa na $350,000 at pagkabilanggo na 3 taon kapag napatunayang nagkasala. Para sa hindi pagbayad ng tubo, siya ay maaaring isasailalim sa pinakamataas na multa na $10,000 kapag napatunayang nagkasala.

Ang mga karapatan ng isang namamasukan ay maaaring malagay sa alanganin kapag hindi siya maagap na magsasampa ng paghahabol ukol sa sahod [1]. Kung ang sahod ay hindi binayaran sa isang namamasukan sa loob ng isang buwan makaraan ng takdang araw ng bayaran, maaari niyang ipagpalagay na ang kasunduan ng pamamasukan ay tinapos ng amo at maaaring maghabol ng bayad sa pagtatapos mula sa amo. Dapat na ipaalam ng namamasukan sa amo kapag isinagawa niya ang mga karapatan niya na itinakda ng batas.

Para sa mga detalye itinakda ng batas na mga benepisyo ng pamamasukan at mga parusa na may kinalaman sa paglabag sa EO, tunghayan ang "Isang Pinaikling Patnubay sa Kautusan ng Pamamasukan" ("A Concise Guide to the Employment Ordinance") na inilathala ng Kagawaran ng Paggawa.

Hakbang sa Pagpapatupad ng Kagawaran ng Paggawa

Ang Kagawaran ng Paggawa ay masigasig na ipinapatupad ang hakbang sa mga paglabag sa EO. Bukod sa pagtulong sa mga namamasukan para sa paghahabol ng kabayaran sa utang ng kanilang mga amo, ang Kagawaran ay magsasagawa ng pag-uusig laban sa mga amo na lumalabag sa EO kapag mayroong sapat na katibayan at ang mga may kinalaman na mga namamasukan ay sumasang-ayon na maging mga testigo ng pag-uusig. Samakatuwid, marubdob naming hinihikayat ang mga namamasukan na lumabas at tumayo bilang mga testigo ng pag-uusig, nang sa gayon kami ay makapag-harap ng sakdal laban sa mga amo na lumalabag sa EO.

---

[1] Halimbawa : Kung sakali na ang isang amo ay humantong sa sitwasyon na wala ng ibabayad, ang mga namamasukan sa kanya ay maaaring humiling ng bayad bilang isang pabor mula sa Pondo ng Pagkabangkarote para sa Proteksiyon ng mga Sahod. Ang pinakamataas na bayad bilang pabor hinggil sa natitirang kulang na bayad ng mga sahod na maaaring bayaran ng Pondo ay $36,000 at ang sakop lamang nito ay ang mga sahod para sa paglilingkod apat na buwan bago dumating ang huling petsa ng paglilingkod, ang isang namamasukan na nabigong magsagawa ng maagang hakbang para ipatuloy ang kanyang paghahabol ay maaring hindi makuha ang lahat ng hindi pa nababayarang sahod. Kasabay noon, ang namamasukan ay dapat magpasok ng papeles na humuhiling ng bayad bilang isang pabor mula sa Pondo sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng huling araw ng paglilingkod. Ang Kagawaran ng Paggawa ay hindi tatanggap ng anumang naantalang paghiling.

Pagkakaiba sa pagitan ng Sibil na Paghahabol at Kriminal na Pag-uusig

Mayroong mga pagkakaiba sa katangian at mga pamamaraan ukol sa sibil na paghahabol at kriminal na pag-uusig sa ilalim ng EO. Para sa sibil na paghahabol, ang isang namamasukan ay maaaring magsampa ng paghahabol laban sa kanyang amo at maaari ring gawin ito ng amo sa namamasukan sa kanya. Kapag ang sibil na paghahabol ay hinawakan ng hukuman, ito ay pangkaraniwang hinahatulan ng Sanggunian ng Paghahatol sa mga Mas Maliit na mga Paghahabol o ng Hukuman ng Paggawa, na siyang magpapasiya kung ang nasasakdal ay kinakailangang magbayad sa naghahabol. Ang pamantayan ng katibayan para sa sibil na paghahabol ay batay sa mas mabigat na katibayan.

Sa kriminal na pag-sasakdal, ang Kagawaran ng Paggawa ang siyang gagawa ng pag-uusig laban sa amo dahil sa pagtaliwas sa mga kondisyon ng pamamasukan. Ang mga parusa ay ipapataw sa mga nagkasalang amo pagkatapos na mapatunayan na siya ay nagkasala. Kung ang ipinataw ay multa, ang buong halaga ay babayaran sa Rentas ng Pamahalaan. Ang mga kriminal na kaso na kinasasangkutan ng mga paglabag sa EO ay karaniwang pinakikinggan sa Hukuman ng mga Mahistrado. Ang pamantayan ng katibayan na kinakailangan sa pagsasakdal ay walang pagdududa at pag-aalinlanganan.

Sibil na Paghahabol ng Mga Namamasukan

Kapag ang isang namamasukan ay nais na ipagpatuloy ang paghahabol laban sa kanyang amo sa ilalim ng EO o sa kasunduan ng pamamasukan, maaari siyang humingi ng tulong mula sa Sangay ng Relasyon sa Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa. Ang Sangay ay maaaring magbigay ng paglilingkod ng pagkakasundo para sa namamasukan at amo.

Kapag ang namamasukan at ang kanyang amo ay hindi nakarating sa isang kasunduan, ang opisyal ng pagkakasundo, sa kahilingan ng naghahabol, ay maaaring isangguni sa Sanggunian ng Paghahatol sa mga Mas Maliit na Paghahabol sa Paggawa o sa Hukuman ng Paggawa, depende sa halaga na kaugnay sa paghahabol. Ang lupon ng paghahatol ay magpapasiya kung bibigyan ba ng pabor na ang naghahabol ay makakatanggap ng bayad at kung oo, ang halaga ng kabayaran.

Kriminal na Pag-uusig

Kapag ang isang pinaghihinalaang lumabag sa EO ay natuklasan at ang kaugnay na namamasukan ay sumang-ayon na maging testigo ng pag-uusig, ang Kagawaran ng Paggawa ay mag-anyaya sa namamasukan para magbigay ng pahayag at magbigay ng kasulatang pangkatibayan sa Pangkat ng Pagsisiyasat ng Paghahabol sa Paggawa. Ang opisyal ng pagsisiyasat ng Pangkat ay maghahanda ng isang panayam sa amo o sa kanyang kinatawan, ipaaalam sa kanya ang mga detalye ng mga pinaghihinalaang mga pagkakasala, at pakikinggan ang kanyang pagtatanggol. Sa pagtatapos ng pagsisiyasat, ang Sangay ng Pag-uusig ng Kagawaran ng Paggawa ay mag-susuri kung isasakdal nga ang amo.

Sa kriminal na pag-sasakdal, ang Kagawaran ng Paggawa ay kinakailangang patunayan ng walang pagdududa at pag-aalinlangan na ang amo ay lumabag sa EO. Para sa mga masalimuot na mga kaso, ang Kagawaran ay hihingi ng legal na payo sa Kagawaran ng Hustisya. Kung kaya, kung ang amo ba ay masasakdal ay nakasalalay sa kung mayroong sapat na katibayan, at kung mayroong malaking pag-asa na ang amo ay mahahatulan sa mga pagkakasala.

Kapag ang amo ay umamin sa unang paglilitis sa pagkakasala sa Hukuman ng Mga Mahistrado, ang namamasukan ay hindi na kinakailangang humarap sa paglilitis sa hukuman bilang testigo ng pag-uusig. Subali't kung ang amo ay hindi umamin, ang Sangay ng Pagsasakdal ng Kagawaran ng Paggawa ay maghahanda para tumestigo ang namamasukan sa mga susunod na paglilitis.



Mga Katanungan

Para sa mga katanungan, maaari lamang na makipag-ugnayan sa :

Linya ng telepono para sa mga katanungan: 2717 1771
(Ang linya ng telepono ay pinangangasiwanaan ng "Pinagsamang Sentro ng Tawag")

Homepage Address: http://www.labour.gov.hk

Pagsangguni ng personal sa mga Opisina ng Sangay ng Mga Relasyon Ng Paggawa

Hong Kong

Hong Kong East Office
34/F., Revenue Tower,
5 Gloucester Road,
Wanchai, Hong Kong

Hong Kong West Office
3/F., Western Magistracy Building,
2A Pokfulam Road,
Hong Kong

Kowloon

Kowloon East Office
Room 1206,12/F., Stelux House,
698 Prince Edward Road East,
San Po Kong, Kowloon

Kowloon South Office
2/F., Mongkok Government Offices,
30 Luen Wan Street,
Mongkok, Kowloon

Kowloon West Office
Room 1009, 10/F.,
Cheung Sha Wan Government Offices,
303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon

Kwun Tong Office
6/F., Kowloon East Government Offices,
12 Lei Yue Mun Road,
Kwun Tong, Kowloon

New Territories

Tsuen Wan Office
5/F., Tsuen Wan Government Offices,
38 Sai Lau Kok Road,
Tsuen Wan, New Territories

Kwai Chung Office
6/F., Kwai Hing Government Offices,
166-174 Hing Fong Road,
Kwai Chung, New Territories

Tuen Mun Office
Room 2720,
Tuen Mun Parklane Square,
2 Tuen Hi Road, Tuen Mun,
New Territories

Shatin & Tai Po Office
Rooms 304-313,
3/F., Sha Tin Government Offices,
1 Sheung Wo Che Road,
Shatin, New Territories

1/2010